

# Paano ang pagpapalit ng working visa?



## Mahahalagang impormasyon na kailangang malaman sa paninirahan sa Japan

Karamihan sa working visa ay “specialist in humanities” at “international services” gaya ng pagiging interpreters at translators, mga trabahong may kinalaman sa kalakal at industriyang pang-internasyonal. May iba't ibang uri pa rin ng bisa katulad ng “engineer” para sa mga manggagawa ng industriya ng engineering at IT, “education” sa mga language teachers, at “skilled labor” gaya ng mga cooks at chefs. Ang mga bisang ito ay base sa kanilang educational at professional background. “Engineer visa” ay para sa mga nag-aral ng kursong inhenyero o science courses at ang “skilled labor visa” sa mga kagaya ng cook o chef na nagtrabaho ng mahigit sa 10 taon bilang cook o chef. Sa gayon, hindi madali ang pagpapalit ng kasalukuyang bisa sa iba pang uri ng bisa.

Kung ang bisa ay “specialist in humanities” o “international services” at nagtatrabaho bilang tagasalin at ngayon ay nais magtrabaho bilang programmer sa isang IT company, subalit kung walang maipapakitang kredensyal ng pinag-aralan at professional background bilang programmer hindi din kayo makakapagpalit ng bisa. Kung may 3-year visa at gustong magpalit ng trabaho, pumunta sa tanggapan ng Immigration para masiguro kung ang kasalukuyang bisa ay maari sa trabahong nais pasukan. Kailangang kumuha ng work qualification certificate. Kung hindi kayo makakuha nito, maaaring hindi payagan ang bisa at ang ekstensiyon nito dahil hindi magkatugma ang nakasaad na trabaho at bisa.

Kung may status of residence para magtrabaho at nagpalit ng linya ng trabaho, ang kumpanya ay na-bankrupt o kayo ay naalis sa trabaho, kailangan ipaalam ito sa tanggapan ng imigrasyon sa loob ng 2 linggo. Ito ay kasama sa bagong batas na ipinatutupad.

Kung ikaw ay may working visa at ang pinapasukang kumpanya ay na-bankrupt o ikaw ay naalis sa trabaho, maaaring mag aply para sa visa extension sa dahilan na ikaw ay naghahanap ng bagong trabaho. Kung ikaw ay nasa isang job-placement office o nagsasanay ng trabaho, dalhin ang katibayan ng pagdalo sa Immigration Bureau para sa visa extension. Maaaring mabigyan ng hanggang anim na buwang ekstensyon.

Kung may working visa at ikinasal sa isang Japanese o sa isang tao na isang permanenteng residente, maaaring palitan ang bisa sa “asawa o anak ng Japanese national” o “asawa o anak ng permanent resident”. Sakaling may working visa, hindi na kailangan magpalit ng bisa kahit magpakasal. Subalit, kung nais mag-apply para sa permanent visa, mas maiging magpalit ng bisa bilang “asawa o anak ng Japanese national” o “asawa o anak ng permanent resident”.

Kung kayo ay may working visa, at nais mag-aply para sa permanent residence visa dapat manirahan sa Japan sa loob ng 10 taon man lang at may pinasukang trabaho sa loob ng 5 taon o higit pa. Kung ikaw ay isang “asawa o anak ng Japanese national” o “asawa o anak ng permanent resident”, at tatlong taon o higit pang kasal, at patuloy na naninirahan sa Japan ng 1 taon, maaaring mag-aply para sa permanent residence visa.

Pag-uulat ni: Ms. Miho Fujibayashi, administrative scrivener

## Magkano ang inyong sahod kada oras? Alam ba ninyo kung magkano ang minimum wage sa Saitama?

Ang minimum wage sa Saitama Prefecture ay 785 yen mula Okt. 20, noong isang taon. Ayon sa datus, ang minimum wage sa ibang mga industriya ay mas mataas kaysa minimum wage ng Saitama.

Non-ferrous metal manufacturing industry… 842 yen.

Retailing industry of commercial goods…810 yen

Manufacturing business of electronic component, device, electronic circuit, electric machine apparatus, information communication machine apparatus … 846 yen

Transportation machine apparatus manufacturing business … 857 yen

Optic machine lens, watch, parts manufacturing … 857 yen　　Automobile retailing industry … 857 yen

## Libreng pag-aaral ng PC sa Fujimino International Cultural Exchange Center


May Computer class sa FICEC, pagkatapos ng Nihongo Class at inaanyayahan ang mga dayuhang residente, tuwing ika -2 at ika -4 na Huwebes ng buwan, mula 1:00 pm. Propesyonal ang PC teacher at walang dapat alalahanin kahit na baguhan o kung gusto mang matutong gumamit ng iba't ibang programa. May mga PC class din sa iba pang mga community centers. Para sa detalye, magtanong o magsadya lamang sa FICEC.

## Gabay sa mga magulang sa graduation at entrance ceremony



Panahon na naman ng pagtatapos at seremonya sa pagpasok sa mga mga eskuwelahan. Ito ang ilang tips para sa mga magulang. Kung hindi sigurado sa isusuot sa seremonya, magsuot ng medyo pormal subalit hindi matingkad ang kulay. Sa graduation, maaring dark blue o gray suit ang naakmang gamitin. Sa entrance ceremony maaaring magsuot ng medyo makulay na damit. Iwasan ang pagsusuot ng casual na damit kagaya ng jeans at t-shirt o agaw pansin na damit.

Sa pagsimula ng programa, iwasan ang pag-uusap sa malakas na boses, ilagay ang cell phone sa silent mode at iwasan ang paroo't parito na pagkuha ng litrato. Ito ay isang mahalagang okasyon para sa inyong anak kung kaya't gawin natin itong memorable.



## Paano magbilang sa Nihongo?



Alam mo ba magbilang sa Nihongo?

Mahirap ang pagbibilang sa Nihongo. Kapag binabasa ang 1, 2, 3, ito ay "ichi, ni, san". Subalit, sa pagbilang ng tao, ito ay "hitori, futari, san-nin". Sa pagbilang ng maliliit na bagay, "ikko, niko, sanko". Sa mahaba at manipis na bagay gaya ng lapis, "ippon, nihon, sanbon". Sa makina o mga sasakyan, "ichidai, nidai, sandai".

Iba-iba ang paraan ng pagbilang sa Nihongo. Sa mga interesado at nais matuto ng Nihongo magsadya lamang sa FICEC tuwing Huwebes mula 10:00 ～ 12:00.　Tel. 049-256-4290